Ang Totoong Relihiyon

The Co-operative Office for Cell & foreigners Guidance at Sultanah Inder the supervision of Ministry of silamic Affairs and Endowment and Call and Guidance et. 4240077 Fzz. 4251005 P.O. Box 92675 Hyadn 11663 5-mail: Sultanah 22@hotmail.com



الدين الحق إعداد وترجمه إلى اللغة الفلبينية شعبة توعية الجاليات في الزلفي

الطبعة الثالثة: ١٤٢٢/٩ هـ.

ح شعبة توعية الجاليات ، ١٤١٧هـ

فهرسة مكتبة ال*ملك فهد الوطنية أثناء النشر* شعبة توعية الجاليات بالزلفي "

الدين الحق

۳۵ ص ؛ ۱۰ × ۱۶ سم ردمك: ۰–۳۲–۹۹۳،۸

(النص باللغة الفلبينية)

· ٢- التوحيد ٣- العقيدة الإسلامية

أ – الإسلام أ – العنو ان

14/4970

دیوی ۲٤۰

رقم الإيداع: ١٧/٢٩٦٥ ردمك: ٨-٩-٩١٣-٩٩٦

الصف والإخراج: شعبة توعية الجاليات في الزلفي

Panimula

Mabal naming mambabasa, ang aklat na ito na bawak mo ay magpapakilala sa iyo sa Relibiyong Islam sa pamamagitan ng pinaiksi at pinagaang paglalabad. Matapos basabin ang aklat na ito, ikaw ay magkakaroon na ng isang malinaw na ideya tungkol sa ilan sa mga pangunabing katuruan ng Relibiyong ito na sinasampalatayanan ng mabigit sa 1,200 milyong tao sa iba't ibang dako ng daigdig.

Malugod naming tatanggipin ang anumang katanungan mula sa iyo at ipinangangako naming sasagutin iyon at pagkakalooban ka pa namin ng maiibigan mong iba pang mga aklat na magdadagdag sa mga kaalaman mo tungkol sa Relibiyong ito.

Walang Diyos Kundi si Allah¹

Ang Pangunahing batayan ng Relihiyong Islam ay ang prinsipyo ng Tawhid (Pananampalataya sa kaisahan ng Diyos): Walang Diyos Kundi si Allah. Kung wala ang matatag na batayang ito, hindi tatayo ang matayog na gusali ng Islam. Ito ang unang salitang kailangang bigkasin ng pumapasok sa Islam, kalakip ang pananampalataya rito at paniniwala sa lahat ng mga kahulugan nito at mga ipinahihiwatig nito. Ano ang kahulugan ng pahayag na Walang Diyos kundi si Allah? Ang pahayag na Walang Diyos kundi si Allah ay nangangahulugang:

- Walang Tagapaglikha sa sansinukob kundi si Allah
- Walang Nagmamay-ari at Namamahala sa sansinukob kundi si Allah
- Walang sinasamba na karapat-dapat sa pagsamba kundi si Allah

Si Allah ang siyang lumikha ng malawak, maganda,

¹Allah: ang pansariling pangalan ng Diyos sa Arabe at sa pangalang ito Siya nagpakilala sa Qur'an, ang kahuli-hulihang kapahayagan.

at kahanga-hangang sandaigdigan na ito. Itong langit sampu ng mga malalaking bituin nito at ang mga planeta nito ay umiinog batay sa isang mahusay na sistema at kagilas-gilas na paggalaw. Itong daigdig sampu ng mga bundok nito, mga lambak nito, mga burol nito, mga ilog nito, mga kahoy nito, at mga pananim nito; sampu ng hangin nito, tubig nito, lupa nito, at karagatan nito; sampu ng gabi nito at araw nito; sampu ng naninirahan rito at lumalakad dito ay pawang nilalang ni Allah at nilikha Niya mula sa wala. Ito ay nilikha ni Allah.

Ginawa Niya ang daigdig na tahanan at nilagakan Niya ito ng takdang lakas ng grabitasyon na naaangkop lamang sa pangangailangan ng buhay rito. Hindi nadadagdagan ang grabitasyon kaya hindi nagiging mahirap ang paggalaw, at hindi nababawasan kaya hindi nagliliparan ang mga nabubuhay rito. Ang lahat ng bagay sa Kanya ay may takdang sukat. Nagpadala Siya mula sa langit ng tubig na dalisay na kung hindi dahil dito ay hindi mananatili ang buhay. Sa pamamagitan ng tubig ay Kanyang pinatubo ang mga halaman at mga bunga, at pinainom ang mga hayop at tao.

Inihanda Niya ang lupa upang mag-ingat sa tubig. Kaya naman dumaloy ito sa mga bukal at mga ilog.

Ang unang tao na nilikha ni Allah ay si Adan (AS), ang ama ng sangkatauhan. Nilikha Niya ito mula sa luwad. Pagkatapos ay hinubog Niya ito, inanyuan Niya ito at hinipan Niya ito ng espiritung gawa Niya. Pagkatapos ay nilikha Niya mula kay Adan ang kabiyak nito. Ginawa Niya ang mga inapo nito mula sa punlay na ang pinagmulan ay mula sa isang hamak na likido.

Pagmuni-munian mo ang nilikha ni Allah para sa iyo, makikita mong kahanga-hanga ang mga maselang organ ng katawan at ang mga mahusay na sistema na wala kang nalalaman sa mga gawain ng mga ito kundi kaunti lamang, huwag nang sabihing hindi mo kayang kontrolin ang mga ito. Halimbawa na lamang itong organ na kumpleto na para sa pagtunaw ng pagkain.

Mayroong isang sistema na para naman sa paghinga. Ang ikaapat na sistema ay para sa nerve

¹(AS): 'Alayhis Salam: Sumakanya ang Kapayapaan. Sinasambit ito kapag nabanggit ang isang anghel o ang sang propeta. (SAS): Sallallahu 'Alayhi wa Sallam: Pagpalain at Batiin Siya ni Allah ng Kapayapaan, kapag si Propeta Muhammad naman ang nabanggit.

at ang ikalima ay para sa pagpapalabas ng dumi. May ikaanim, ikapito, at ikasampung sistema. Araw-araw ay nadaragdagan ang ating kaalaman sa mga ito ngunit ang hindi na nalalaman sa ating sarili ay mas marami kaysa ating nalalaman. Kaya sino ang lumikha sa taong ito nang ganito kahusay kundi si Allah? Kaya naman ang pinakamalaking kasalanan sa sansinukob ay ang gawan si Allah ng mga kaagaw gayong Siya lamang ang lumikha sa iyo.

Sa pamamagitan ng bukas na puso ay magsimula ka at pagbulay-bulayan mo ang kahanga-hangang ginawa ni Allah. Itong hangin, na walang kulay na nagpaparumi sa mga paningin, na sinisinghot mo at nanunuot sa iyo sa lahat ng lugar, kung sakaling mahinto ang pagdating nito sa iyo sa loob ng ilang mga minuto ay mawawalan ka ng buhay. Itong tubig na iniinom mo, iyang pagkaing kinkain mo, itong tao na minamahal mo, itong lupa na nilalakaran mo, iyang langit na pinagmamasdan ng lahat ng nakikita ng iyong mga mata at ng lahat ng mga nilikha— malaki man o maliit— na hindi nakikita ng iyong mga mata; ang

lahat ng mga ito ay kabilang sa mga nilikha ni Allah, ang Tagapaglikha at ang Maalam.

Ang pagninilay-nilay sa mga nilikha ni Allah ay magpapabatid sa iyo sa kadakilaan ni Allah at kakayahan Niya. Ang pinakamangmang, pinakahangal at pinakaligaw sa mga tao ay ang taong nakikita na ang kahanga-hanga, dakila at nagkakaayong mga nilikhang ito na nagpapatunay sa kahanga-hangang karunungan at kakayahang lubos at pagkatapos ay hindi pa rin naniniwala sa Tagapaglikha na lumalang sa mga ito mula sa wala.

Ang Dakilang Tagapaglikha na ito ay walang anumang katulad sa Kanya. Siya ang Nakaririnig at ang Nakakikita sa lahat. Hindi Niya nakawawangis ang anuman sa mga nilikha Niya. Nakikita tayo ni Allah sa ibabaw ng mga langit Niya samantalang hindi natin Siya nakikita.

Kabilang sa mga katangian ni Allah ang pagkakaroon Niya ng kakayahan sa lahat ng bagay. Nasa kamay Niya ang buhay at kamatayan. Bawat nilikha ay nangangailangan sa Kanya ngunit Siya ay walang pangangailangan sa lahat ng nilikha. Kabilang din sa Kanyang mga katangian ay ang

pagtataglay ng kaalamang nakasasaklaw sa lahat ng bagay. Nalalaman Niya ang sinasalita ng mga dila natin at ang mga ginagawa ng mga bahagi ng ating mga katawan, bagkus pati na ang kinikimkim ng ating mga dibdib.

Si Allah ay nakamasid sa atin, nakababatid sa ating mga kalagayan. Walang anumang bagay sa lupa ni sa langit ang maikukubli sa Kanya. Hindi Siya nawawalan ng malay, hindi Siya nakalilimot at hindi Siya natutulog. Nagtataglay Siya ng mga katangian ng lubos na kaganapan na walang kakulangan at walang kapintasan.

Si Allah ay walang katambal sa Kanyang paghahari, walang kaagaw at walang katulong. Wala Kailanman ay hindi Siya nagkaroon ng asawa at anak, datapuwa't wala Siyang pangangailangan sa mga iyon.

Dahil dito, ang kahulugan ng paniniwalang walang Diyos kundi si Allah ay ang pagtutuon ng anumang uri ng pagsamba kay Allah lamang. Kaya walang karapat-dapat sambahin kundi si Allah dahil tanging Siya lamang ang nagtataglay ng mga katangian ng pagkadiyos at kaganapan. Siya lamang

ang Tagapaglikha, ang Tagapagtustos, ang Tagapagbiyaya, ang Tagakaloob ng buhay, ang Tagabawi ng buhay, at ang Nakahihigit sa mga nilikha Niya. Kaya naman Siya lamang ang may karapatan sa pagsamba, wala Siyang katambal.

Ang sinumang tumangging sumamba kay Allah o ang sinumang sumamba sa iba pa kay Allah ay nagtambal na siya kay Allah at tumanggi nang sumampalataya sa Kanya. Kaya ang pagpapatirapa, pagyukod, pagpapakumbaba, at pagdarasal ay dapat lamang na iukol kay Allah. Walang hihingan ng saklolo (na hindi makakayang ibigay ng tao) kundi si Allah. Walang pag-uukulan ng panalangin kundi si Allah, walang hihingan ng mga pangangailangan kundi si Allah, at wala ring paghahandugan ng anumang handog, pagsunod, at pagsamba kundi si Allah.

Nilikha tayo ni Allah upang sambahin Siya at upang subukin Niya ang tagumpay ng ating pagpapatupad sa pagsambang ito. Sinumang sumamba kay Allah, magmahal sa Kanya, magpakumbaba sa Kanya, sumunod sa Kanyang mga kautusan, at umiwas sa Kanyang mga

ipinagbawal ay magtatamo ng Kanyang kasiyahan, ng Kanyang awa, at ng Kanyang pagmamahal; at gagantimpalaan Niya ang taong ito ng magandang gantimpala. Sinumang tumangging sumamba kay Allah na lumikha sa kanya at nagtustos sa pangangailangan niya, nagmatigas nang may pagmamalaki sa di-pagsamba, at tumangging magpasakop sa mga utos ni Allah at tumangging umiwas sa mga ipinagbabawal Niya, ang taong ito ay naging karapat-dapat sa galit at poot ni Allah. Masakit ang kanyang parusa.

Hindi tayo nilikha ni Allah nang walang kabuluhan at hindi Niya tayo hinayaang mapariwara. Kabilang sa pinakamangmang sa mga tao at pinakahangal sa kanila ay ang taong nalalaman niyang lumabas siya sa mundong ito; pinagkalooban ng pandinig, paningin, at kaisipan; mamu-muhay sa loob ng maikling panahon at saka mamatay ngunit hindi niya nalalaman kung bakit siya dumating sa mundong ito at kung saan siya pupunta pagkamatay. Sinabi ni Allah: "Kaya ipinagpapalagay ba ninyo na nilikha Namin kayo bilang isang laro lamang, at na kayo sa Amin ay

hindi magsisibalik?"(23:115).

Para kay Allah, ang naniniwala sa Kanya, ang umaasa sa Kanya, ang dumudulog sa Kanya, ang nagmamahal sa Kanya, ang nagpapakumbaba sa Kanya, ang lumalapit sa Kanya sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga pagsamba at ang naghahanap sa ikasisiya Niya sa lahat ng sandali ay hindi kapantay ng taong tumatangging sumampalataya sa Kanya-na lumikha sa taong ito at nagbigay-anyo rito-nagpapasinungaling sa Kanyang mga tanda, sa Kanyang relihiyon, at tumatanging magpakumbaba sa Kanyang utos. Ang una ay magtatamo ng pagpaparangal, gantimpala, pagmamahal, at lugod samantalang ang huli ay babagsakan ng poot, galit, paghamak, at kaparusahan.

Bubuhayin ni Allah ang mga tao mula sa kanilang mga libingan matapos na sila ay mamatay. Gagantimpalaan Niya ang nagpakabuti sa kanila ng kaginhawahan at karangalang manahan sa Paraiso ng kaginhawahan, at parurusahan Niya ang nagpakasama sa kanila na nagmatigas at tumangging sumamba sa Kanya ng pagdurusa sa Impiyerno.

Ang mga Sugo

Ang pananampalataya sa pagkasugo ni Muhammad (SAS) ang ikalawang kabiyak ng pangunahing saligan sa mga saligan ng Islam at ang pangunahing pundasyon na kinatatayuan ng gusali ng Islam.

Ang tao ay nagiging isang Muslim matapos na kanyang nabigkas ang pagsaksi sa pagkadiyos ni Allah at pagkasugo ni Muhammad (SAS). Sasaksi siya na walang Diyos kundi si Allah at sasaksi siya na si Muhammad ay Sugo ni Allah.

Ang sugo ay isang lalaking nasa mataas na tugatog ng katapatan sa pananalita at kagandahang asal na pinili ni Allah mula sa mga tao. Kinasihan Niya ito ng anumang ninais Niya na mga alituntunin sa relihiyon o mga bagay-bagay hinggil sa di-nakikita, at naatasang iparating sa mga tao ang mga ito. Samaktuwid, ang sugo ay isang taong tulad mo at tulad ng lahat ng tao. Kumakain siya gaya ng pagkain ng mga tao, at nangangailangan siya gaya ng pangangailangan ng mga tao. Ang ipinagkaiba niya sa kanila ay ang kapahayagang ipinagkaloob sa

kanya na nanggaling kay Allah. Ipinaalam sa kanya ang anumang naisin ni Allah tulad ng mga bagaybagay hinggil sa di-nakikita at mga alituntunin ng relihiyon na ipararating niya sa mga tao. Naiiba rin siya sa kanila sa pagtatamasa niya ng pangangalaga ni Allah na hindi masadlak sa malaki at maliit na mga kasalanan o anumang bagay na makasisira sa pagpaparating ng mensahe ni Allah sa mga tao.

Sampung siglo ang namagitan kay Noe at kay Adan. Ipinadala siya ni Allah sa mga kababayan niya matapos na sila ay maligaw at naging mga mananamba ng mga diyos na iba pa kay Allah. Sumasamba sila noon sa mga diyus-diyusan, mga bato, at mga libingan kaya ipinadala siya ni Allah sa kanila upang panumbalikin sila sa pagsamba kay Allah lamang. Sa loob ng mahabang panahon ay patuloy siyang nag-aanyaya sa mga kababayan niya na si Allah lamang ang sambahin, subalit walang naniniwala sa kanya kundi iilan.

Pagkatapos niyon ay nagpadala pa si Allah ng maraming sugo sa mga bansa sa mundo. Walang kalipunan na hindi nagkaroon ng tagapagbabala. Ipinabatid sa atin ni Allah ang ilan sa kanila at hindi Niya ipinabatid ang marami sa kanila. Lahat sila ay isinugo na may isang mensahe at iyon ay ang pag-aatas sa mga tao na si Allah lamang—wala Siyang katambal—ang sambahin at ang ibang sinasamba bukod pa sa Kanya ay iwawaksi.

Si Muhammad ay Sugo ni Allah

Isinugo ni Allah si Muhammad (SAS) sa Makkah. Pinagkalooban siya ni Allah ng mga kapahayagan at mga himala na nagpapatunay sa pagkapropeta at pagkasugo niya. Ginawa siyang kahuli-hulihan sa mga sugo at ang kanyang relihiyon ay ginawang panghuli sa mga relihiyon. Pinangalagaan ni Allah ang relihiyon na ito upang hindi mapalitan at hindi mabago hanggang sa wakas ng mundo at pagdating ng Araw ng Paghuhukom. Samakatuwid sino si Muhammad? Sino ang kanyang mga kababayan? Paano siyang isinugo ni Allah? Siya si Muhammad na anak ni Abudullah na anak ni Abdulmut talib na mula sa liping Quraysh at ang Quraysh naman ay kabilang sa mga Arabe. Ipinanganak siya sa Makkah noong

taong 571. Yumao ang kanyang ama samantalang siya ay isa pa lamang sanggol sa loob ng sinapupunan kaya lumaki siyang isang ulila sa ama sa ilalim ng pag-aaruga ng lolo niya na si Abdulmuttalib. Nang yumao na ang kanyang lolo, ang kanyang tiyuhing si Abu Talib ang siya namang nag-aruga sa kanya.

Si Muhammad (SAS) ay mapagkakatiwalaan, matapat, maganda ang asal, mabuting mangusap, matatas magsalita, minamahal mga kamag-anak at mga di-kamag-anak, pinagpipitagan ng mga kababayan niya iginagalang sa kanila. Siya ay tinagurian nilang al-Amín, ang mapag-kakatiwalaan. Inilalagak nila sa kanya ang mga mahalagang ari-arian nila kapag naglalakbay sila. Karagdagan pa sa kagandahan ng kanyang asal, makisig din ang kanyang anyo. Hindi magsasawa ang mata sa pagtingin sa kanya. Ang lipi ng Propeta (SAS) at ang angkan niya ay nakatira noon sa Makkah malapit sa Pinakabanal na Masjid (al-Masjid al-Haram) at Ka'bah. Naglagay sila, at ang mga liping nasa palibot nila, sa palibot ng Ka'bah ng mga diyus-diyusan na yari

sa bato, kahoy, at ginto. Itinuring nilang banal ang mga ito at naniwala silang nakapagdudulot ang mga ito ng pakinabang at kapinsalaan. Karagdagan sa iba pang mga diyus-diyusan at mga kahoy, sa labas ng Makkah ay mayroon pang mga sinasamba bukod pa kay Allah.

Ang kanilang buhay kasama ng kanilang kapaligiran ay puno ng kapalaluan, pagmamayabang, pagmamataas, pangangaway sa iba at mga mapanirang digmaan; bagaman mayroon din naman sa kanila na may mga magandang ugali gaya ng katapangan, pagpaparangal sa panauhin, katapatan sa pananalita, at iba pa.

Nang sinapit na ng Propeta ang gulang na apatnapung taon at samantalang siya ay nasa loob ng yungib ng Hirá' sa labas ng Makkah, ibinaba sa kanya ang kauna-unahang kapahayagan mula sa langit buhat kay Allah. Pinuntahan siya ni Anghel Gabriel na nagparating ng kapahayagan. "Bumasa ka sa ngalan ng Panginoon mo na lumikha, lumikha sa tao buhat sa namuong dugo. Bumasa ka at ang Panginoon mo ay ang Pinakamapagbigay, na nagturo sa

pamamagitan ng panulat, nagturo sa tao ng hindi nito nalaman."(96:1-5).

Pagkatapos niyon ay umalis ang anghel at iniwan siya. Takot na takot at sindak na sindak nang nagbalik ang Sugo (SAS) sa kanyang bahay at sa kanyang maybahay.

"Balutin mo ako, balutin mo ako; natatakot ako para sa aking sarili," sabi niya sa maybahay niya na si Khadijah.

"Aba'y hindi, sumpa man kay Allah, hindinghindi ka bibigyan ni Allah ng kahihiyan. Pinakikitunguhan mo nang maigi ang kamag-anak mo, tumutulong ka sa naghihikahos at umaagapay ka sa dinapuan ng kasawiang-palad," tugon ng kanyang maybahay sa kanya.

Pagkatapos niyon ay pinuntahan uli siya ni Gabriel (AS) sa talagang anyo nito noong ito ay likhain ni Allah. Natakpan niya ang buong abottanaw.

"Muhammad, ako si Gabriel at ikaw ang Sugo ni Allah," sabi ng anghel.

Nagkasunod-sunod na ang pagdating ng kapahayagan buhat sa langit na nag-uutos sa Sugo (SAS) na anyayahan ang mga kababayan niya na si Allah lamang ang sambahin at bigyang-babala sila laban sa pagtatambal kay Allah ng iba pang diyos at kawalang pananampalataya. Nagsimula siyang isa-isang anyayahan ang kanyang mga kababayan na magsipasok sa Islam. Nagsimula siya pinakamalapit na kamag-anak. Ang unang naniwala sa kanya ay ang kanyang maybahay na si Khadíjah na anak ni Khuwaylid, ang kanyang kaibigang si Abu Bakr as-Siddíq, ang kanyang pinsang si 'Alí na anak ni Abú Tálib.

Nang malaman ng mga kababayan niya ang kanyang pag-aanyaya, nagsimula silang harapin siya, pagbalakan siya ng masama, at awayin siya.

Nagpatuloy ang Sugo (SAS) sa pag-aanyaya sa kanila sa Islam. Sinasabi niya sa kanila: "Sabihin ninyo na walang Diyos kundi si Allah, magiging matagumpay kayo." Sinabi naman nila: "Ginawa ba Niya ang mga diyos na iisang diyos? Tunay na ito ay isang kataka-takang bagay."

Nagsibabaan mula kay Allah ang mga kapahayagan na nag-aanyaya sa kanila sa patnubay at nagbibigay-babala sa kanila laban sa pagkaligaw na siyang kalagayan nila. Subalit ang mga kapahayagang ito at ang pagaanyaya na iyon ay walang naidagdag sa kanila kundi kapalaluan at pagmamatigas na tanggapin ang katotohanan. Hindi lamang, sinimulan pa nilang patindihin ang pagpapasakit sa mga pumasok sa Islam, lalo na sa mahihina.

Tinangka ng mga Quraysh na suhulan ang Sugo (SAS) upang itigil na niya ang kanyang pagaanyaya. Inalok nila siya ng mga kayamanan, na maging hari nila, at iba pang mga pang-akit sa kondisyon na hihintuan niya ang kanyang pagaanyaya sa bagong relihiyong ito na nakasasama sa kanilang mga diyos na pinakababanal nila at sinasamba nila bukod pa kay Allah. Ang paninindigan ng Sugo (SAS) ay matigas at walang pag-aalinlangan dahil ito ay pananam-palatayang ipinag-utos sa kanya ni Allah na iparating sa mga tao. At kung sakaling tatalikdan niya ang kautusang ito, tiyak na siya ay parurusahan ni Allah. Sinabi niya sa kanila: "Ang ninanais ko sa inyo ay ang kabutihan dahil kayo ay aking mga kaangkan at mga kalipi. Sumpa man kay Allah, kung sakaling ako man ay magsisinungaling sa

lahat ng mga tao, hindi ako magsisinungaling sa inyo; at kung sakali mang dadayain ko ang lahat ng mga tao, hindi ko kayo dadayain."

Nang walang napala ang mga pag-aalok na itigil ng pag-aanyaya, lalong tumindi ang pang-aaway ng mga Quraysh sa Sugo (SAS) at sa kanyang mga tagasunod.

May dumating sa Sugo (SAS) na isang pangkat ng mga taga lungsod ng Yathrib na di-naglaon ay pinangalanang al-Madínah al-Munawwarah. Sila ay inanyayahan niya sa Islam at nagsiyakap naman sila sa Islam. Kaya pag-uwi nila ay ipinadala niya kasama nila ang isa sa kanyang mga kasamahan, na ang pangalan ay Mus'ab Ibnu 'Umayr, upang siyang magturo sa kanila ng mga katuruan ng Islam. Sa pamamagitan ni Mus'ab ay maraming mga taga-Madínah ang pumasok sa Islam.

Nang sumunod na taon ay pumunta sa Propeta (SAS) ang mga bagong Muslim upang manumpa ng katapatan sa kanya sa pagyakap nila sa Islam. Inutusan niya ang mga pinag-uusig na kasamahan niya na lumikas sa Madínah. Kaya may mga pangkat at mga indibiduwal na nagsilikas doon.

(Sila ay tinagurian na mga Muhájir, nandayuhan o nagsilikas.) Malugod at magiliw silang tinanggap ng mga taga-Madínah, pinatuloy sila sa mga tahanan ng mga ito, at hinatian sila ng mga ari-arian ng mga ito at mga tahanan ng mga ito. Pagkatapos niyon ay tinawag ang mga taga-Madínah na Ansár, ang mga tumulong.

Nang malaman ng mga Quraysh ang paglikas na ito, nagpasya silang patayin ang Propeta (SAS). Nagpasya silang kubkubin ang kanyang tahanan na tinutulugan niya. Kapag lumabas siya, sabay-sabay nila siyang tatagain na animo'y isang tao ang tumaga. Ngunit iniligtas siya ni Allah laban sa kanila. Lumabas siya at dumaan sa kanila nang hindi nila namamalayan. Sumunod sa kanya si Abu Bakr at inutusan niya naman si 'Alí na manatili sa Makkah upang isauli ang mga mahahalagang bagay na inilagak sa mga may-ari nito.

Habang siya ay nasa daan, naglaan ang mga Quraysh ng malaking pabuya sa sinumang makadadakip kay Muhammad (SAS) buhay man o patay. Subalit iniligtas siya ni Allah sa kanila; siya at ang kanyang kasama ay nakarating nang ligtas sa Madínah.

Pagdating ng Sugo ni Allah (SAS) doon ay masaya at malugod siyang sinalubong ng mga taga-Madínah. Labis-labis ang kasiyahan nila. Nagsilabasan sila sa kanilang mga tahanan upang salubungin siya. Sinasabi nila: "Dumating ang Sugo ni Allah, dumating ang Sugo ni Allah."

Ipinagpatuloy roon ni Propeta Muhammad (SAS) ang pag-anyaya sa Relihiyon ni Allah. Dumami ang kanyang mga tagasunod at lumaganap ang Islam sa maraming mga pook, pati na sa Makkah na kanyang nilisan. Yumao siya sa gulang na 63 taon.

Ito si Muhammad, ang Sugo ni Allah at ang kahuli-hulihan sa mga propeta at mga isinugo. Ipinadala siya ni Allah para sa lahat ng mga tao bilang tagapaghatid ng magandang balita at tagapagbabala. Naihatid nga niya ang mensahe, nagampanan ang tungkulin, at napagpayuhan niya ang sambayanang Muslim. Inalalayan siya ni Allah sa pamamagitan ng Banal na Qur'an. Kung nagtipon man ang mga tao magmula sa simula ng mundo

hanggang sa wakas nito upang gumawa ng katulad ng Qur'an hindi sila makagagawa ng katulad nito kahit pa magtulungan sila.

Ang Qur'an na ito ay binubuo ng isandaan at labing-apat na súrah (kabanata) at mahigit sa anim na libong áyah (talata). Hinahamon ni Allah ang sangkatauhan sa nagdaang mga panahon na magbigay ng isang surah na tulad ng sa mga súrah ng Qur'an. Ang pinakamaikling súrah sa Qur'an ay ay binubuo ng tatlong áyah lamang. Kung magagawa nila iyon, malalaman nilang ang Qur'an na ito ay hindi mula kay Allah. Ito ang pinakadakila sa mga himalang itinulong ni Allah sa Kanyang Sugo (SAS).

Ilan sa mga Himala ng Sugo (SAS)

- 1. Nang nanalangin siya kay Allah at inilagay ang kamay niya sa lalagyan ng inumin ay may lumabas na tubig sa pagitan ng mga daliri niya at ang buong hukbo na binubuo ng isanlibo ay nakainom buhat sa tubig na ito.
- Nanalangin siya kay Allah at inilagay niya ang kamay niya sa pagkain; dumami ang pagkain sa

- plato hanggang sa makakain mula rito ang 1,500 kasamahan niya.
- 3. Itinaas niya ang kanyang mga kamay sa langit habang nananalangin kay Allah na magpabuhos ng ulan. Hindi pa niya naiwan ang kanyang kinalalagyan at nagsitulo ang mga patak ng tubig buhat sa kanyang mukha sanhi ng ulan. At marami pa ang ibang mga himala.

Ang Sugo ni Allah ay isang ulirang halimbawa sa lahat ng kanyang mga gawain at kanyang mga salita. Siya ang unang tagapagpatupad sa mga kautusang ibinaba sa kanya mula kay Allah. Siya ang pinakamasigasig sa paggawa ng mga pagsamba at pinakamasunurin sa lahat ng mga tao. Siya ang pinakamapagbigay sa mga tao. Walang anumang yamang natitira sa kamay niya na hindi niya ginugol alang-alang kay Allah para sa mga dukha, mga maralita, at mga nangangailangan. Pati nga ang dapat na ipamana niya ay ipinamigay niya. Sinabi niya: "Kaming mga Propeta ay hindi nagpapamana; ang anumang naiwan namin ay kawanggawa."

Tungkol naman sa kanyang kaasalan, walang isa mang makatutulad dito. Wala siyang nakasama na hindi siya minahal mula sa kaibuturan ng puso nito anupa't ang Sugo (SAS) ay higit niyang minahal kaysa sa anak, magulang niya, at pati na sa lahat ng mga tao.

Ang mga Saligan ng Islam

1. Ang Unang Saligan: ang pagsaksi na walang Diyos kundi si Allah at si Muhammad ay Sugo ni Allah. Ito ang unang pangungusap na kailangang sabihin ng pumapasok sa Relihiyong Islam: ashhadu alla iláha illalláh, wa ashhadu anna muhammadar rasúlulláh, ibig sabihin: Sumasaksi ako na walang Diyos kundi si Allah at sumasaksi rin ako na si Muhammad ay Sugo ni Allah. Sasabihin ito kalakip ng paniniwala sa lahat ng kahulugan nito, gaya ng nabanggit na.

Maniniwala na si Allah ang Iisa at Nag-iisang Diyos na hindi nagkaanak, hindi ipinanganak at walang ano mang katulad sa Kanya; na Siya ang Tagapaglikha at ang anumang iba pa sa Kanya ay nilikha; na tanging Siya lamang ang Diyos na karapat-dapat sa pagsamba. Kaya walang Diyos kundi Siya at walang Panginoon bukod pa sa Kanya. Maniniwala rin na si Muhammad ay lingkod ni Allah at Sugo Niya na pinadalhan Niya ng kapahayagan mula sa langit na nagpaparating sa ipinag-uutos at ipinagbabawal ni Allah. Kailangang paniwalaan siya sa ipinabatid niya, sundin sa ipinag-utos niya at iwasan ang ipinagbawal niya.

2. Ang Ikalawang Saligan: ang pagsasagawa ng Dasal. Ito ay binubuo ng limang dasal (saláh sa wikang Arabe) sa isang araw. Nakikita sa pagdarasal ang pagtatanghal ng pagpapaalipin at pagsunod kay Allah. Ang tao ay tumatayo nang may-pagpapakumbaba habang kanyang binibigkas ang mga talata ng Qur`an at habang kanyang dinadakila si Allah ng sari-saring katagang ginagamit sa pag-aalaala at pagpupuri sa Kanya. Yumuyukod siya para sa Kanya at nagpapatirapa sa Kanya. Kinakausap niya Siya, dinadalanginan niya Siya, at humihingi siya sa Kanya buhat sa Kanyang dakilang biyaya.

Samakatuwid ang dasal ay isang tagapagugnay sa tao at kanyang Panginoon na siyang lumikha sa kanya na nakaaalam sa kanyang inililihim at inihahayag, at sa ginagawa niyang pagkilos kasama ng iba pang mga nagpapatirapa sa dasal. Ang pagdarasal ang dahilan kung bakit iniibig ni Allah ang isang tao, kung bakit inilalapit Niya ito sa Kanya, at kung bakit nalulugod Siya rito. Ang sinumang pagsasagawa nito dahil sa huminto sa pagtangging magpaalipin kay Allah, magagalit sa kanya si Allah, isusumpa Niya siya, at itiniwalag niva ang kanyang sarili na sa pananampalatayang Islam.

3. Ang Ikatlong Saligan: Ang pagbibigay ng zakáh. Ang zakáh ay isang takdang bahagi buhat sa takdang uri ng ari-arian na itinakda ni Allah na ikaltas sa mga mayayaman upang ibigay sa karapat-dapat na mga maralita at mga dukha sa lipunan upang maibsin ang kasalatan nila at mapunan ang pangangailangan nila. Ang takdang bahagi nito ay 2½ % ng salaping

naipon na ipamamahagi taon-taon sa mga karapat-dapat na tumanggap.

Ang saligang ito ay isang dahilan ng paglalaganap ng pagkakabuklod-buklod sa lipunan ng mga kaanib ng lipunan kalakip dito ang paglago ng pagmamahalan, pagkakapalagayan ng loob, pagtutulungan at pagkaalis ng mga pagkasuklam at mga hinanakit ng mga uring maralita sa mga uring mayaman at mga nakaririwasa.

4. Ang Ikaapat na Saligan: Ang pag-aayuno sa buwan ng Ramadán. Ang pag-aayuno, sawm o siyám sa Arabe, ay ang paghinto sa pagkain, pag-inom, paninirarilyo at pakikipagtalik, sa layuning ito ay gagawing isang pagsamba kay Allah, magmula sa pagsapit ng madaling-araw hanggang sa paglubog ng araw.

Ang Ramadan, ang buwan na kinakailangang mag-ayuno, ay ang ikasiyam na buwan sa kalendaryo ng Islam. Sa buwan ding ito nagsimula ang pagpapahayag ng Qur'an sa Sugo (SAS).

Ilan sa mga malalaking kabutihang naidudulot ng pag-aayuno ay ang pagsasanay na magtimpi at magtiis, at ang pagpapalakas sa angking takot kay Allah at pananampalataya na nasa puso. Iyan ay sapagkat ang pag-aayuno ay isang lihim sa pagitan ng tao at ni Allah. Magagawa ng isang tao, kapag nag-iisa siya sa isang lugar, na kumain at umiinom. Walang taong makaaalam sa paghinto niya sa kanyang pag-aayuno. Kung mag-aayuno siya bilang pagsamba kay Allah at nababaitd niyang walang nakakikita sa kanya sa pagsamba niya kay Allah, iyon ay magiging dahilan ng paglago ng pananampalataya niya at takot sa Kanya. Dahil doon, ang gantimpala ng mga nag-aayuno ay malaki mula kay Allah.

5. Ang Ikalimang Saligan: ang pagsasagawa ng hajj. Tungkulin ng isang Muslim na magsagawa ng hajj isang beses sa tanang buhay. Maglalakbay ang isang Muslim sa mga pook na pagdadausan ng seremonya ng hajj sa Makkah sa buwan ng hajj, ang kahuli-hulihang buwan sa kalendaryo ng Islam. Bago pumasok sa Makkah ay huhubarin niya ang kanyang kasuutan at isusuot ang kasuutan ng ihrám¹ na binubuo ng

dalawang pirasong puting tela. Ang kasuutang ito sa lalaki. Ang babaeng Muslim naman ay magsuot ng anumang kasuutan na ipinahihintulot sa Islam.

Pagkatapos ay isasagawa niya ang iba't-ibang mga gawain ng hajj gaya ng pag-ikot sa palibot ng Ka'bah, pagtakbo sa pagitan ng Safá at Marwah, pananatili sa Arafah, pagpapagabi sa Muzdalifah at iba pang gawain.

Ang hajj ang pinakamalaking pagtitipon ng mga Muslim sa balat ng lupa. Sa pagtitipong ito ay naghahari sa kanila ang pagkakapatiran, ang pagmamahalan, at ang pagpapayuhan. Ang kanilang kasuutan ay iisa at ang pamamaraan nila ng pagsasagawa ng hajj ay iisa. Walang kalamangan ang isa sa kanila sa iba kundi sa laki ng takot kay Allah.

Pagwawakas

Ito ang pananampalatayang Islam na nagpapahayag sa pamumukod-tangi ni Allah sa

¹Ang pagpasok sa pagsasagawa ng itinakdang mga rituwal ng hajj.

pagkadiyos. Angsawikain nito ay walang Diyos kundi si Allah. Ito ang Islam na pinili ni Allah bilang relihiyon para sa Kanyang mga lingkod.

Ito ang pananampalatayang Islam; hindi na tatanggapin ni Allah sa kaninuman ang relihiyon na iba pa rito. Ito ang pananampalatayang Islam na ang sino mang maniwala rito at gumawa ng mabuti ay mapabibilang sa mga matagumpay sa Paraiso ng Kaginhawahan.

Ito ang pananampalatayang Islam na hindi masosolo ng anumang pangkat ng mga tao at hindi lamang para sa isang lahi ng tao. Bagkus ang sinumang sumampalataya rito at nag-anyaya sa mga tao sa pananampalatayang ito ay siyang karapat-dapat para rito at siyang pinakamarangal para kay Allah. Tungkulin nating tawagin ang pansin ng mambabasa laban sa mga pangunahing bagay na humahadlang sa mga tao at sa Islam at pumipigil sa kanila sa pagpasok dito.

 Ang kawalang kaalaman at kabatiran sa Relihiyong Islam—sa katuruan nito, sa batas nito at itinuturo nito na mga kagandahang asal. Ang mga tao ay mga kaaway ng mga hindi nila nalalaman. Kaya naman, ang isang nagnanais na malaman ang pananampalatayang Islam ay kailangang magbasa at magbasa pa hanggang sa malaman niya ang pananampalatayang ito mula sa mga pangunahing reperensiya nito. Sana'y ang pagbabasa ay may ng espiritu ng kawalang pagkiling, katarungan, at naghahanap sa katotohan lamang.

2. Ang panatisismo sa relihiyon, kaugalian, at kulturang kinagisnan ng isang tao. Ang walang malalim na pag-iisip at pagmumuni-muni kung gaano katotoo ang relihiyong kinalakihan ng isang tao at ang pananaig sa kanya ng nasyonalismo ang dahilan ng pagtanggi niya sa bawat relihiyong iba sa relihiyon ng kanyang mga magulang at mga ninuno. Ang panatisismo ang nagpapapikit sa mga mata, ang nagtatakip sa mga tainga, at tumatabing sa mga pag-iisip. Kaya naman hindi nakapag-iisip nang malaya at walang pagkiling ang isang tao at hindi niya nakikita ang pagkakaiba ng mga kadiliman sa liwanag.

- 3. Ang mga kapritso, ang mga hangarin at ang mga mithiin ng tao. Ang mga ito ang nagdadala sa pag-iisip at sa pagnanais sa kung saan lamang nito naisin at sa kung ano ang makakasira sa tao nang hindi nito nadarama, at siya ring pumipigil sa kanya na tanggpin ang totoo at sumuko rito.
- 4. Ang mali at ang mapanirang-puri na paninisi sa Islam sa pagkakaroon ng ilang mga kamalian at mga paglihis sa panig ng ilang Muslim. Ang Islam ay walang kina-laman sa mga ito at dapat na alalahanin ng lahat na ang Relihiyon ni Allah ay walang pananagutan sa mga kamalian ng tao.

Ang pinakamadaling paraan upang malaman ng isang tao ang katotobanan at ang painubay ay ang ibaling niya ang kanyang puso kay Allah nang may pagbabalik-loob at pagpapakumbaba.

Nagsusumamo siya sa pagbiling kay Allah na patnubayan siya sa tuwid na landas at sa tuwid na relibiyon na intibig at kinalulugdan ni Allah. Sa ganito makakamit ng tao ang kaaya-ayang buhay at ang walang hanggang kaligayahan na bindi na siya malulungkot kailanman. Dapat niyang malaman na si Allah ay dumidinig sa panalangin ng nanalangin kapag ito ay nananalangin sa Kanya.

perative office for Call & for

الدين الحـــق

ردمك: ۸-۹-۲۲۸-۰۲۹۹

